

# Ang Pag-unlad ng Iyong Anak



## GRADO

# K

### Mga Layuning Pampagkatuto sa Estado ng Washington

Ang apat na layuning pampagkatuto sa estado ay nagbigay ng pundasyon para sa pagsulong ng Essential Academic Learning Requirements (EALRs), na nakakatulong sa pagsukat ng pag-unlad at akontabilidad:

1. Magbasa nang may pag-intindi, sumulat nang may kakayahan at makipag-ugnayan nang epektibo at responsable sa iba't ibang paraan at kapaligiran.
2. Alamin at gamitin ang mahahalagang konsepto at mga prinsipyo sa matematika, siyensya, sa sining, araling panlipunan, kalusugan at kalakasan.
3. Mag-isip sa paraang analitikal, lohikal at mapanlikha, at pagsanibin ang karanasan at kaalaman upang makabuo ng makatarungang pagpapasya at malutas ang mga problema.
4. Intindihin ang kahalagahan ng trabaho at paano direktang makakaapekto ang pagganap, pagsisikap at mga desisyon sa karera sa hinaharap at mga oportunidad sa edukasyon.

## Mga mahalagang layuning pampagkatuto para sa 2011-12 taong panuruan

### Pamantayang Pampagkatuto: Grado K

Ang iyong estudyante sa kindergarten ay may tiyak na layuning pampagkatuto sa bawat asignatura. Ang Grade Level Expectations, o GLEs, ay naglalarawan sa kaalaman at abilidad na dapat makuha ng mga estudyante mula kindergarten hanggang ika-10 grado. Ang bawat guro ay may tungkulin hindi lang para sa GLE sa kasalukuyang gradong tinuturuan nila, ngunit para rin sa mga nasa nauunang grado. Ang nasa ibaba ay ang mga mahahalagang layuning pampagkatuto para sa kindergarten. Upang mas matuto tungkol sa Grade Level Expectations, bumisita sa: [www.k12.wa.us/standards](http://www.k12.wa.us/standards).

#### PAGSULAT



- Nakakabatid na may mga mambabasa maliban sa sarili at nakakaintindi na ang pagsulat ay may iba't ibang layunin
- Nag-aanalisa ng mga ideya, pumipili ng mga paksa at nagdaragdag ng mga detalye
- Nakakabatid at gagamit ng mga pagbabaybay, bantas, kapitalisasyon, balarila at pagtatalata na angkop sa antas ng grado

#### PAGBASA



- Nakakaintindi at gumagamit ng konsepto ng imprenta at mga tunog
- Nagpapalawak sa kakayahan sa oral na lengguwahe at nakakukuha ng mapapakinabangang bokabularyo para sa pagbabasa
- Nagpapamalas ng pag-intindi sa pamamagitan ng pagtugon sa iba't ibang paraan kapag nakikinig sa o nanonood sa lahat ng uri ng teksto
- Nagpapakita ng interes sa iba't ibang uri ng aklat

#### MATEMATIKA



- Nagsisimulang bumuo ng mga konsepto tungkol sa mga bilang at gagamit sa mga bilang upang mag-isip tungkol sa mga bagay at sa mundo sa paligid nila
- Natututo kung ano ang ibig sabihin ng magdagdag at magbawas sa pamamagitan ng pagsanib at paghiwalay ng mga hanay ng mga bagay
- Natututong maglarawan ng mga katangian ng mga pang-heometrikong hugis, gaya ng mga tatsulok, parihaba at bilog

#### AGHAM



- Matuto na ang siyentipikong mga imbestigasyon ay kinasasangkutan sa pagsubok na sumagot sa mga tanong sa pamamagitan ng pagmamasisid o pagsubok sa mga bagay-bagay
- Matutong gumamit ng mga simpleng kasangkapan (hal., mga lapis, gunting) at mga kagamitan (hal., papel, tape, glue at cardboard) upang lutasin ang mga problema sa mapanlikhang mga paraan
- Matuto tungkol sa mga property ng mga likido at solido



Office of Superintendent  
of Public Instruction  
[www.k12.wa.us](http://www.k12.wa.us)

# Pagsusulit ng Estado sa Washington: Ika-3 hanggang ika-8 Grado

Karamihan sa mga estudyante sa ika-3 hanggang ika-8 grado ay kukuha ng Measurements of Student Progress (MSP). Humigit-kumulang isang porsyento ng mga estudyante ang sasali sa Washington Alternate Assessment System (WAAS), isang katulad na nakakahamang programa para sa ilang estudyante sa espesyal na edukasyon.

Ang bansag na MSP ay nagpapabatid sa layunin ng pagsusulit: upang *sukatin ang progreso ng estudyante*. Ang pagsusulit ng estado ay dapat hindi lang ang tanging tagahatol ng pang-akademikong kakayahan at kaalaman ng estudyante. Kailangang isaalang-alang ang kabuuang pagganap ng estudyante. Kung may anumang katanungan ka tungkol sa pag-aaral ng iyong anak, mangyaring makipag-ugnay sa guro o paaralan ng iyong anak.

Mangyaring bumisita sa [www.WAtesting.com](http://www.WAtesting.com) upang malaman ang higit tungkol sa pagsusulit ng estado.

## FAQ sa Pagsusulit na Pang-estado

### Ano-anong uri ng mga tanong ang lalabas sa mga pagsusulit na pang-estado?

Ang pagbasa, matematika at agham sa MSP ay kabilangan ng maraming pagpipilian (multiple-choice) at mga tanong na may maikling sagot. Ang apat na puntos na mga tanong sa sanaysay (essay) ay inalis sa mga pagsusulit sa pagbasa, matematika at agham. Ang pagbabagong ito ay nagpapahintulot sa mga estudyante na ipamalas na nagagawa nilang lutasin ang mga problema, kahit hindi binibigyang puntos sa kanilang kakayahan sa pagsulat. Tayo ay may pagsusulit sa pagsulat sa MSP sa ika-4 at ika-7 grado.

# GRADO



## Iskedyul ng Pagsusulit

Ang mga paaralan ay nagbibigay ng mga pagsusulit ng estado sa ika-3 hanggang ika-8 grado sa panahon ng spring. Ang pagsusulit na MSP ay ibibigay sa Mayo. Bawat grado ay kukuha ng pagsusulit sa pagbasa at matematika (1 araw bawat isa), habang ang iba ay kukuha ng pagsusulit sa pagbasa (2 araw) at siyensya (1 araw). Samantalang ang sa pamamagitan ng the paper-and-pencil testing [papel-at-lapis na pag-eeksamen] na panahon ay malapit sa mga 3 linggo ang katagal, pipiliin ng mga eskuwelahan kung anong mga araw ang sa pag-eeksamen habang sa panahon na iyan. Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong paaralan ukol sa tiyak na kalendaryo ng pagsusulit.

## Ano ang Ibig Sabihin ng Iskor sa MSP?

Ang mga estudyante ay tumatangap ng iskor sa bawat kinuhang pagsusulit sa MSP. Ang mga iskor ay ibinase kung paano gumanap ang indibidwal na estudyante, kaya hindi ka makakakita ng mga percentile na karaniwang ibinigay sa mga ginawang pamantayan na pagsusulit. Ang mga iskor ay nasasakop sa isa sa apat na antas:

- Antas 4 Lumalampas sa mga Pamantayan ng Estado:** Nangangahulugan ng maagang kadalubhasaan sa abilidad at kaalaman sa isang asignatura.
- Antas 3 Tumutugon sa mga Pamantayan ng Estado:** Nangangahulugan ng kadalubhasaan sa abilidad at kaalam sa isang asignatura.
- Antas 2 Mababa sa Pamantayan ng Estado:** Nangangahulugan ng ilang kadalubhasaan sa abilidad at kaalaman sa isang asignatura.
- Antas 1 Napakababa sa Pamantayan ng Estado:** Nangangahulugan ng kaunti hanggang sa walang kadalubhasaan sa abilidad at kaalaman sa isang asignatura.

## Ang Pagsulong sa Online na Pagsusulit

Ang Washington ay hindi ang unang estado na gumawa ng paglipat sa online testing (pag-ksamen sa pamamagitan ng internet), ngunit ito ay kabilang sa mga namumuno. Ang layunin ng estado ay para sa nakararami ng elementary at middle school (kalagitnaang pag-aaral) na mga grado sa pagbabasa, matematika at agham ay na maksamen sa pamamagitan ng mga kompiyuter sa lahat ng mga distrito ng paaralan hanggang sumapit sa 2014.

Sa tagsibol ng 2012, ang MSP ay ibibigay online sa ikatlo hanggang pang-walong baitang, bilang ang mga ikatlong baiting na hahandogang ng oportunidad sa unang pagkakataon. Noong lumipas na taon, ang ikaapat at ikalimang baitang na mga mag-aaral ay nag-umpisang mag-eksamen online sa pagbabasa at matematika. Ang mga pagiging possible na mga pag-aaral (feasibility studies) ay ginagawa para sa online na pag-eksamen sa ikaapat at ikapitong baitang sa pagsusulat.

## Sino ang Makakakuha ng Pagsusulit at Kailan?

Ang No Child Left Behind Act ng federal ay nag-uutos ng taunang pagsusulit sa mga estudyante sa ika-3 hanggang ika-8 grado at ika-10 grado sa pagbasa at matematika, at sa tatlong grado sa agham (ika- 5, 8 at 10 grado sa Washington). Ang ating estado ay nagbibigay rin ng pagsusulit sa mga estudyante sa pagsulat (ika-4, 7 at 10 grado). Sumulong din ang ating estado sa online na pagsusulit.

Grado	ika-3	ika-4	ika-5	ika-6	ika-7	ika-8	ika-9	ika-10	ika-11	ika-12
<b>Pagbasa</b>	✓ ■	✓ ■	✓ ■	✓ ■	✓ ■	✓ ■	NT	✓	<i>Kailangan lang kapag hindi natugunan ng estudyante ang rekisito ng pagtatasa para sa pagtatapos sa estado.</i>	
<b>Matematika</b>	✓ ■	✓ ■	✓ ■	✓ ■	✓ ■	✓ ■	✓	✓		
<b>Pagsulat</b>		✓			✓		NT	✓		
<b>Agham</b>			✓ ■			✓ ■	✓	✓		

- Ihandog nang online sa spring ng 2012
- NT Not tested o mga asignaturang hindi susubukin (ang mga ikasiyam na baitang na mga mag-aaral ay kukuha lamang ng end-of-course [kaduluhan ng kurso] na mga pag-eeksamen sa matematika at agham, kung sila ay nasa iyang mga espesipikong mga kurso).



Office of Superintendent of Public Instruction  
Old Capitol Building  
P.O. Box 47200  
Olympia, WA 98504-7200

## Para sa karagdagang impormasyon

OSPI: [www.k12.wa.us](http://www.k12.wa.us)

MSP/HSPE: [www.WAtesting.com](http://www.WAtesting.com)

Mga Katanungan: [StateTesting@k12.wa.us](mailto:StateTesting@k12.wa.us)